

9-30-1985

Igang; Pagbubuksan ka ng Pinto

Kris Montaneza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/phstudies>

Recommended Citation

Montaneza, Kris (1985) "Igang; Pagbubuksan ka ng Pinto," *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*: Vol. 33: No. 3, Article 34.

DOI: <https://doi.org/10.13185/2244-1638.3688>

Available at: <https://archium.ateneo.edu/phstudies/vol33/iss3/34>

This Commentary is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archium Ateneo. It has been accepted for inclusion in *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* by an authorized editor of Archium Ateneo.

philippine studies

Ateneo de Manila University · Loyola Heights, Quezon City · 1108 Philippines

Igang Pagbubuksan ka ng Pinto

Kris Montañaeza

Philippine Studies vol. 33, no. 3(1985) 406–408

Copyright © Ateneo de Manila University

Philippine Studies is published by the Ateneo de Manila University. Contents may not be copied or sent via email or other means to multiple sites and posted to a listserv without the copyright holder's written permission. Users may download and print articles for individual, noncommercial use only. However, unless prior permission has been obtained, you may not download an entire issue of a journal, or download multiple copies of articles.

Please contact the publisher for any further use of this work at philstudies@admu.edu.ph.

<http://www.philippinestudies.net>
Fri June 27 13:30:20 2008

The tears
of a country
that seems to have run
out of candles to burn.

KRIS MONTAÑEZA

Igang

Mahigpit ang kapit
Ng ugat sa igang,
Pumupulupot, bumabaon
Sa mga batong inuka't
Pinatalas ng ulan at araw
Sa kabundukan.
Sa makikitid na lupaing
Hinawan ng mga magsasaka,
Bumubulas ang mais at palay,
Mga kararuton—balinghoy,
Kamote, bisol, mga pagkaing
Pamatid-gutom na'y
Di pa makasapat.
Nakaumang ang igang
Sa mga daang ikinukubli
Ng hagunoy sa burol
At gilid ng mga bundok,
Mga patalim
Na sa talampakang kumapal sa hirap
Ay tuntungang humahantong
Sa layu-layong dampa
At pananim, sa mga balong
May alon at tilamsik ng ilog.
Sa lihim na mga lagusan,
Rumaragasa ang tubig
Mula sa mga bundok
Na dumadagundong sa natipong lakas.
Ngayon, dumarami
Ang mga balong nabubuksan,
Lalong tumatalim ang igang
Sa masisiglang yapak,
Humahawan ng bagong landas

Patungo sa kasukalang
 Tinatanuran ng dalawidaw.
 Mahigpit na nakaugat
 Ang mga Pulang mandirigma
 Sa masang magsasaka.
 Kayrahas ng kahirapa'y
 Nagtatayugan ang mga punongkahoy;
 Sintigas ng igang
 Ang nakalantad nilang ugat.

Mga salitang Ilonggo:

igang—*limestone*

kararutong — lamang-ugat

balinghoy — lamang-ugat ng ligaw na gabi

hagunoy — talahib na ang katas ay pang-ampat sa dugo ng sugat

dalawidaw — maliit at kulay-itim na ibong may dibdib na kulay-rosas.

Ang kanta nito'y binubuo ng limang sunud-sunod na sipol
 na may iba-ibang taas, at may pahuling magkakahalang tono.

Pagbubuksan ka ng Pinto

Pagbubuksan ka ng pinto,
 Pulang mandirigma,
 Patutuluyin ka
 Sa abung-abung na may init pa ng saleng.
 Nakabalabal sa Kaigorotan ang lamig ng gabi
 Sa paanang bundok na ito ng Gran Cordillera.
 Nakaugat sa mga bato ang pino, kamote,
 At palay sa payaw. Ilang buwan lamang
 Ang itatagal ng ani sa agamang.
 Hindi araw-araw ay may laman ang gimata
 Mula sa kaingin, o ang patibong sa gubat
 Para sa usa't baboy-damo. Bato at bato
 Ang daang patungo sa bawat pintuan
 Ng bagong sonang ito, nagbubukas sa tawag
 Ng ama't kapatid ng mga katutubo.
 Nagtitipun-tipon sa dap-ay ang mga katutubo,
 Nakapaligid sa liwanag at init ng saleng
 Habang nagtatanod ang mga pino
 Na ngayo'y inaangkin ng naghaharing uri.
 May sagitsit ng apoy sa ginaw ng gabi,
 May talsik ng liwanag sa gatilyo ng M16,
 May bagong saleng na nagliliyab
 Sa pagkakáisa ng mga katutubo't Pulang mandirigma.

Pagbubuksan ka ng pinto, patutuluyin ka
Sa abung-abung na lalaging may saleng.

Mga salitang Igorot:

abung-abung – katutubong bahay
saleng – kahoy-pangatong mula sa pino; ang punong pino mismo
payaw – hagdan-hagdang palayan
agamang – bahay-imbakan ng palay
gimata – dalawang malalaking bakol na nakatali sa magkabilang dulo
ng pingga
dap-ay – bahay-komunal

MA. LUISA AGUILAR-CARIÑO

A Weaving-Song

Tabi ni yande
yume wa kareno wo
kakemeguro

(On a journey, ill—
O'er fields all withered
dreams go wandering still)

— Matsuo Basho

In search of seasons
That will prove indelible as time,
I have trained my hunger
To a weaving-wheel.
Nightly my hand plies the secret loom,
But I am traveller still,
Though it is others who depart
Or who withdraw, uncertain
Of how fingers
Can bend to fashion love
From all they touch—or anguish.

Some need compels I memorize
The smell of surf borne from an alien shore
By errant winds into these stony hills;
The sound of water dripping
Into some hidden pool,
The blight of stars beneath a garden frond.